



LEARNER'S WORKBOOK

ARAL-READING BASIC

KEY
STAGE

2



Government Property
NOT FOR SALE



ARAL-Reading Basic Workbook Key Stage 2

This material is solely for learners' use in the Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program. It is designed to support the delivery of curriculum content, standards, and lesson objectives.

Any unauthorized reproduction, distribution, modification, or utilization of this material without written permission from the Department of Education may result in appropriate legal action and disciplinary measures.

Fair Use Notice: Certain copyrighted materials included in this resource are used solely for educational purposes in accordance with the fair use provisions under Section 185 of the Intellectual Property Code of the Philippines (Republic Act No. 8293, as amended). All rights remain with their respective copyright owners. Any use of these materials beyond teaching under the ARAL Program, including reproduction, distribution, adaptation, or other forms of exploitation, may require prior permission from the respective copyright owners.

Every care has been taken to ensure the accuracy of the information provided in this material. For inquiries or feedback, please call the Office of the Director of the Bureau of Learning Resources via telephone numbers (02) 8634-1072 and 8631-6922 or send an email to blr.od@deped.gov.ph.

Published by the Department of Education

Secretary: Sonny M. Angara

Undersecretary: Carmela C. Oracion

Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Office Address: Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph





Table of Contents

Week 1	Session 1		3
Week 1	Session 2		8
Week 1	Session 3		13
Week 1	Session 4		19
Week 2	Session 1		26
Week 2	Session 2		28
Week 2	Session 3		30
Week 2	Session 4		34
Week 3	Session 1		36
Week 3	Session 2		39
Week 3	Session 3		42
Week 3	Session 4		45
Week 4	Session 1		48
Week 4	Session 2		51
Week 4	Session 3		53
Week 4	Session 4		56
Week 5	Session 1		58
Week 5	Session 2		61
Week 5	Session 3		65
Week 5	Session 4		68
Week 6	Session 1		72
Week 6	Session 2		75
Week 6	Session 3		77
Week 6	Session 4		81
Week 7	Session 1		83
Week 7	Session 2		86
Week 7	Session 3		89
Week 7	Session 4		91
Week 8	Session 1		93
Week 8	Session 2		97
Week 8	Session 3		99
Week 8	Session 4		101





ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	1
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	1



GAWAIN 1: Basahin at Tuklasin Natin!

Panuto: Pakinggan ang kuwentong babasahin ng iyong guro at sagutin ang mga pang-unawang tanong.

Pamagat: **"Si Mia at ang Masayang Sabado"**
ni Enrico Lee E. Suarez

Isang umaga ng **Sabado**, masayang gumising si **Mia**.

"**Maglilinis** ako ng silid at **mag-aalaga** ng aking mga **alagang** hayop!" sabi niya. Una niyang pinakain ang **aso** at **ibon**. Kumahol ang aso at humuni naman ang ibon na tila nagpapasalamat sa pagkain na ibinigay ni Mia.

Pagkatapos, kumuha si Mia ng walis at sinimulang walisang ang bakuran. Tumulong ang kaniyang kapatid na si **Sam** na naglinis na rin sa loob ng bahay. "Ang sipag mo talaga, Ate Mia," sabi ni Sam habang nag-aayos ng mga **silya** sa **sala**.

Nang matapos ang gawaing bahay, sabay silang naglaro ng sipa sa likod ng bahay sa **ilalim** ng punong **mangga**. Masaya silang nagtawanan at naglaro hanggang hapon. Sa araw na iyon, natutuhan ni Mia na ang **sipag**, **samahan**, at **masayang** damdamin ay mahalaga sa bawat pamilya.



Sagutin Natin!

1. Ano ang ginawa ni Mia pagkagising niya sa umaga ng Sabado?
2. Anong mga hayop ang inalagaan ni Mia?






3. Sino ang tumulong kay Mia sa pag-aayos ng bahay?
4. Ano ang ginawa nina Mia at Sam pagkatapos ng gawaing bahay?
5. Anong mahalagang aral ang natutunan ni Mia sa araw na iyon?

 **Maghanda Tayo!**

GAWAIN 2.1

Panuto: Bilugan ang mga larawang nagsisimula sa /m/.






GAWAIN 2.2

Panuto: Bilugan ang mga larawang nagsisimula sa /s/.



GAWAIN 2.3


Panuto: Bilugan ang mga larawang nagsisimula sa /a/.





GAWAIN 2.4

Panuto: Bilugan ang mga larawang nagsisimula sa /i/.



GAWAIN 3: Magsanay Tayo!

Panuto: Basahin ang pangungusap at sagutin ang kasunod na tanong.

Sasama si mama sa misa.

Sino ang sasama sa misa?

Isasama si ama sa misa.

Saan isasama si ama?





May mami si Sima.

Ano ang dala ni Sima?

Isa ang mais.

Ilan ang mais?

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.		
		
Hindi ko pa kaya.	Kakayanin ko pa.	Kaya ko na!
 Tutor's Note: _____ _____		





ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	1
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	2



GAWAIN 1: Basahin at Tuklasin Natin!

Panuto: Pakinggan ang kuwentong babasahin ng iyong guro. Sagutin ang mga tanong ayon sa iyong napakinggan na kuwento.

"Si Miko at si Issa"

ni Enrico Lee E. Suarez

Isang umaga, nagising si **Miko** sa tunog ng **orasan**. Masigla siyang bumangon at lumabas ng **sala**. Naroon si **Issa**, tinutulungan ang kanilang Mama sa pag-aayos ng **almusal** – may **saging**, **sinangag**, at **itlog**.

"**Mama, ang sarap nito!**" sabi ni Miko.

"**Magpunas ka muna ng mesa**, anak, at tayo'y kakain na," paalala ng kanilang Mama. Matapos kumain, nag-ayos si Miko ng kaniyang **sapatos** at **sombrero**. Pupunta silang **mag-iina** sa **munting** parke malapit sa kanilang bahay.

Habang naglalakad, nakita nila ang maraming bagay: isang **aso** na tumatakbo, mga **ibon** na lumilipad, at isang **matandang lalaki** na nagdidilig sa **bakuran**. Pagdating sa parke, naglaro si Miko sa **slide** at **swing**, habang si Issa ay naupo sa lilim ng isang **malaking puno**.

"**Masaya** pala sa labas, **Mama**," sabi ni Miko. "Oo, anak. Maganda ang araw, sariwa ang hangin, at may oras tayo para magsama," tugon ng kanilang Mama na may ngiti.

Pag-uwi nila, nag-ayos si Miko ng kaniyang mga **aklat** para sa pagpasok sa paaralan kinabukasan. Nakatulog siyang may ngiti sa labi, masaya sa kanilang simpleng **okasyon**.



Sagutin Natin!

1. Sino-sino ang mga pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Ano ang ginawa ni Issa sa umaga bago sila kumain?






3. Bakit natuwa si Miko habang sila ay nasa parke?
4. Anong mga bagay ang nakita nila habang naglalakad papuntang parke?
5. Ano ang aral o mahalagang mensahe ng kuwento?



Maghanda Tayo!

GAWAIN 2.1

Panuto: Kulayan ng dilaw ang mais na may malaking titik M at luntian ang may maliit na titik m.






GAWAIN 2.2

Panuto: Bilugan ang malaking titik **S** at ikahon naman ang maliit na titik **s**.

A	M	S	a
s	A	M	S
A	s	a	S
S	a	s	m

GAWAIN 2.3

Panuto: Bilugan ang unang titik ng salita na nasa larawan.

	a m s
	m a i
	i s a





GAWAIN 2.4

Panuto: Kulayan ang kahon na may titik **I** at **i**.

I	I	i	m	a	I
a	i	A	i	s	s
m	I	M	S	A	i
i	I	s	i	M	m
s	i	s	a	m	s
i	i	I	h	m	I

GAWAIN 2.5

Panuto: Ikahon ang malaking titik **O** at bilugan ang maliit na titik **o**.

O	a	o
S	m	M
O	I	O
s	o	A





GAWAIN 3: Magsanay Tayo!

Panuto: Basahin ang bawat pantig hanggang mabuo ang isang salita. Sa gabay ng iyong guro, basahin ang payak na pangungusap.

m.....o

s.....o

m...o

s...o

mo

so

a-mo

a-so

da-mo

si-so

I-mo

ma-so

Si-mo

o-so

aso ni Simo

maso sa siso

amo at aso

Ang aso ni Simo ay si Imo.

Si Imo ay nasa siso.

May maso sa siso.

May aso sa siso.

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.		
		
Hindi ko pa kaya.	Kakayanin ko pa.	Kaya ko na!
 Tutor's Note: _____ 		





ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	1
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	3



GAWAIN 1: Basahin at Tuklasin Natin!

Panuto: Pakinggan ang kuwentong babasahin ng iyong guro. Sagutin ang mga tanong ayon sa iyong kuwentong napakinggan.

“Si Ella at ang Masayang Araw sa Barangay Esperanza” ni Enrico Lee E. Suarez

Sa **Barangay Esperanza**, masiglang gumising si **Ella** sa tunog ng **orasan**. Sabado noon, at may gaganapin **aktibidad** sa plaza—ang “**Araw ng Barangay**”!

"Mama handa na ba ang mga **inumin** at **ensaymada** para sa ating handaan?" tanong ni Ella.

"Oo, anak," sagot ni Mama. "Isama mo na ring dalhin ang **mesa** at **silya** sa plaza."

Nagmamadaling lumabas si Ella, dala ang mga gamit. Pagdating sa plaza, sinalubong siya ng kaniyang mga kaibigan na sina **Isko** at **Mira**. "May sayawan daw mamaya!" sigaw ni Isko habang hawak ang **mahabang** banderitas na kanilang isasabit.

Sa gitna ng kasiyahan, dumating si **Kapitan Andres**. "Salamat sa inyong **masigasig** na pagtulong, mga bata!" sabi niya. "Ang barangay ay umuunlad dahil sa ating pagkakaisa."

Nagkaroon ng **sayawan, masayang laro**, at **sabay-sabay** na kainan. Lahat ay **inimbitahan**, bata man o matanda. "Ang saya talaga sa Barangay Esperanza," bulong ni Ella. "Gusto kong maging lider balang araw at ipagpatuloy ang ganitong gawain."





Sagutin Natin!


1. Ano ang okasyong ipinagdiwang sa Barangay Esperanza?
2. Paano ipinakita ni Ella ang kanyang pagtulong sa paghahanda para sa pagdiriwang?
3. Ano ang sinabi ni Kapitan Andres sa mga bata at bakit niya ito sinabi?
4. Bakit nasabi ni Ella na gusto niyang maging lider balang araw?
5. Sa iyong palagay, paano nakatutulong ang mga ganitong pagdiriwang sa pagkakaisa ng mga tao sa barangay?



Maghanda Tayo!

GAWAIN 2.1

Panuto: Kulayan ang mga larawang nagsisimula sa /m/.





GAWAIN 2.2

Panuto: Pagsamahin ang mga pantig upang makabuo ng salita.

	ma – ma	mama
	ma – sa	masa
	sa – ma	sama
	ma – sa – ma	masama
	ma – sa	masa

GAWAIN 2.3

Panuto: Bilugan ang malaking titik A at ikahon naman ang maliit na titik a sa bawat salita.


asa	Ana
isa	araw
ama	ale
Annie	ate





GAWAIN 2.4

Panuto: Isulat ang nawawalang titik sa patlang.

	__sa
	ma__s
	h__kaw
	__tlog
	__bon

GAWAIN 2.5

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang larawang nagsisimula sa tunog na /o/.


	
	





GAWAIN 2.6

Panuto: Lagyan ng ekis (x) ang larawang nagsisimula sa /e/.





GAWAIN 3: Magsanay Tayo!

Panuto: Basahin ang bawat pantig hanggang mabuo ang isang salita. Sa gabay ng iyong guro, basahin ang payak na pangungusap.

b e

be

m e

me

s e

se

be-be

bebe

A-be

Abe

me-sa

mesa

Se-se

Sese

ba-ba-e

babae

E-ba

Eba

bi-be

bibe

Eba at Sese

bibe ni Abe

mais sa mesa

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.



Hindi ko pa kaya.



Kakayanin ko pa.



Kaya ko na!



Tutor's Note: _____





ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	1
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	4



GAWAIN 1: Basahin at Tuklasin Natin!

Panuto: Pakinggan ang kuwentong babasahin ng iyong guro. Sagutin ang mga tanong ayon sa iyong kuwentong napakinggan.

"Sa Bukid ni Mang Ben"

ni Enrico Lee E. Suarez

Si **Mang Ben** ay isang **batikang** magsasaka sa **Barangay San Isidro**. Araw-araw siyang gumigising nang maaga upang magtrabaho sa kaniyang **bukirin**. Kasama niya ang kanyang asawa na si **Aling Emma** at anak na si **Isay**.

"**Isay**, halika at tumulong ka sa pagdidilig ng mga tanim," tawag ni Mang Ben habang bitbit ang malaking **balde** ng tubig.

"Opo, Itay!" masayang sagot ni Isay. Dala niya ang maliit na **sprayer** at sinimulang diligan ang mga tanim na **mais**, **okra**, at **sitaw**.

Twing umaga, pinapakain muna nila ang mga **manok** at **baka** bago mag-umpisa sa pagtatanim. Ang kanilang **sakahan** ay punô ng **berdeng** gulay at masustansiyang bunga. "Napakaganda ng panahon ngayon," sabi ni Aling Emma. "Tiyak na magiging masagana ang ani!"

Dumating ang araw ng **ani**. Lahat ng taga-barangay ay tumulong sa **paghakot** ng mga produkto. May **basket** ng mais, itlog, okra, at sitaw. Napuno ang **mesa** ng mga sariwang ani.

"Salamat sa inyong tulong at sipag," wika ni Mang Ben. "Ang tagumpay ng magsasaka ay tagumpay ng buong barangay."





Sagutin Natin!



1. Sino-sino ang mga miyembro ng pamilya ni Mang Ben na tumutulong sa gawain sa bukid?
2. Ano-ano ang mga gawain ni Mang Ben at ng kanyang pamilya bago magsimula sa pagtatanim?
3. Paano ipinakita sa kuwento ang pagkakaisa ng mga taga-barangay?
4. Ano ang ibig sabihin ni Mang Ben nang sinabi niyang, "Ang tagumpay ng magsasaka ay tagumpay ng buong barangay?"
5. Kung ikaw si Isay, anong iba pang paraan ang iyong maiaambag upang makatulong sa bukid?



Maghanda Tayo!

GAWAIN 2.1

Panuto: Bilugan ang mga larawang nagsisimula sa /Mm/.

 mata mais	 manok mani
 manok mangga	 mais martilyo
 mani mata	 manok mangga





GAWAIN 2.2

Panuto: Isulat ang nawawalang pantig upang mabuo ang pangalan ng larawan.

	_____ ma
	ma _____
	_____ ma
	ma _____ ma
	_____ sa

GAWAIN 2.3

Panuto: Punan ang patlang ng salitang bubuo sa pangungusap. Kunin sa loob ng kahon ang sagot.

Aso	anak
atis	alon ama

1. _____ ang bantay sa bahay.
2. Mabait ang _____ ni nanay.





3. Kumakain kami ng _____ tuwing hapon.
4. Masaya kami sa tabing-dagat habang may _____.
5. Ang _____ ko ay masipag.

GAWAIN 2.4

Panuto: Hanapin ang sumusunod na salita na mabubuo mula sa kahon ng mga pantig at bilugan ito.

Hal. Sisa

isa Ima misa
mais Sima misa

mi	sa	I
Si	sa	Sa
ma	I	Ma
im	mi	Sa
ma	is	Ma

GAWAIN 2.5

Panuto: Buuin ang salita ng larawan. Kunin mula sa kahon ang mga titik.

m	s
a	i

1. 

2. 

3. 





GAWAIN 2.6

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap at sagutin ang mga tanong tungkol dito.

1. Ang oregano ay may malapad na dahon.

Ano ang may malapad na dahon?

2. Ang mga okra ay kulay berde.

Alin ang mga kulay berde?

3. Ang orasan ay hugis bilog.

Ano ang hugis bilog?

4. Nasa simbahan ang obispo.


Sino ang nasa simbahan?

5. Ang otap ay malutong.

Ano ang malutong?

GAWAIN 2.7

Panuto: Kulayan ng asul ang eroplano na may malaking titik **E** at pula sa may maliit na **e**.





GAWAIN 2.7

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang malaking titik B at ekis (x) ang maliit na b.

B	m	b
O	b	B
B	s	a
A	B	S

GAWAIN 2.8

Panuto: Ilagay sa *basket* ang mga larawang nagsisimula sa titik **b** sa pamamagitan ng pagbilog sa mga larawan na nagsisimula sa titik **b**.





GAWAIN 3: Magsanay Tayo!

Panuto: Aralin ang mga pantig at pagkatapos bumuo ng mga salita. Gamitin ang mga salita na nabuo sa pangungusap.

b a

ba

b i

bi

b o

bo

a-ba

aba

i-ba

iba

ba-ba

baba

a-bo

abo

bi-bo

bibo

ba-o

bao

ba-sa

basa

ba-so

baso

ma-ba-ba

mababa

ma-sa-ma

masama

Si-sa

Sisa

mi-sa

misa

Si-ma

Sima

ma-is

mais

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.		
		
Hindi ko pa kaya.	Kakayanin ko pa.	Kaya ko na!
 Tutor's Note: _____ 		





ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	2
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	1



GAWAIN 1: Oras ng Kuwentuhan

Panuto: Pakinggan ang iyong guro habang binabasa ang kuwento.



Mga Mumunting Patak Ulan (Margarita R. Gelacio)





May mga munting patak-ulan na nakatira sa ulap. Isang araw, napuno ng mga munting patak-ulan ang ulap. Nagsiksikan na sila at kinailangan na nilang bumaba sa lupa. Ang unang patak-ulan ay bumagsak sa ulo ng usa. Ang ikalawa ay pumatak sa naglalambiting unggoy. Ang ikatlo naman ay sa upo at ang ikaapat ay pumatok sa ubas. Magkakasunod na bumagsak ang natitirang mga mumunting patak-ulan. Ang ilan sa kanila ay napunta sa mga ugat ng mga puno at mga halaman.

Dumungaw sa bintana ang batang si Ursula at nakita niya ang mga tanim niya. Naisip niya na hindi na niya ito kailangan diligan dahil sa pag-ulan. Ngumiti siya at sinabing “Maraming salamat sa ulan.”





Panuto: Bilugan at kulayan ang mga larawang nagsisimula sa tunog ng titik **u**.



Pictures taken from BMR Beginning Reading Worksheet

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.		
		
Hindi ko pa kaya.	Kakayanin ko pa.	Kaya ko na!
 Tutor's Note: _____		





ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	2
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	2

GAWAIN 1: Magbasa at Magsulat


Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang pangalan ng larawan. Isulat ito sa guhit.


kamatis	kubo	tasa	tubo
tutubi	sako	bato	baka
























Pictures taken from BMR Beginning Reading Worksheet



GAWAIN 2: Pag-ibayuhin ang Iyong Kakayahan!

Panuto: Basahin ang mga salita sa loob ng kahon. Bilugan ang pangalan ng larawan.

	bata bato bote
	kubo kuko kuba
	saka sako kusa
	butiki butas bukas

	biko buko baka
	tuso tasa tabo
	tula tuta tutubi
	baso bata silao

Pictures taken from: BMR Beginning Reading Worksheet

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.		
		
Hindi ko pa kaya.	Kakayanin ko pa.	Kaya ko na!
Tutor's Note: _____ _____  		



ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	2
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	3



GAWAIN 1: Oras na ng Kuwentuhan

Panuto: Pakinggan ang kuwento na babasahin ng guro.

Si Lina

(Margarita R. Gelacio)

Si Lina ay isang mapagmahal at mapagbigay na nars. Siya ay madaling makilala dahil sa kanyang mga nunal sa mukha. Siya ay may nunal sa noo at sa labi. Si Lina ay isang nars sa isang ospital na pambata.

Gusto ni Lina na maging masaya ang kanyang mga pasyente kaya binigyan niya ang mga ito ng laruan. Binigyan niya ng loro si Lino, isang lobo para kay Nika, at isang magandang laso ang ibinigay niya kay Lisa. Tuwang-tuwa ang mga bata at nagpasalamat sila sa kanya. Paborito nila ang mga regalong natanggap nila mula kay Lina. Mabilis na gumaling ang mga bata.



GAWAIN 2: Ipakita ang Iyong Galing

Panuto: Isulat ang mga salitang ididikta ng guro.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____





6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____



GAWAIN 3: Magkarera Tayo!

Mga Kailangan:

- Isang board game ng laro na may mga kahon na may nakasulat na mga salita.
- Mga pamato (game pieces) para sa bawat manlalaro.
- Dice

Panuto:

1. **Paghahanda:** Ilagay ang inyong mga pamato sa kahon na may markang "Simula" o "Start".
2. **Pagtapon ng Dice (Sino ang Mauuna?):** Bago magsimula, ihagis ang dice. Ang manlalaro na may pinakamataas na bilang ang unang maglalaro.
3. **Paglalaro:** Ihagis ang dice sa inyong turn. Ilipat ang inyong pamato sa bilang ng mga kahon na katumbas ng bilang na lumabas sa dice.
4. **Pagbasa:** Basahin nang malakas at tama ang salita na nasa kahon kung saan natapat ang inyong pamato. Kung tama ang pagbasa, manatili sa inyong posisyon. Kung mali, kinakailangan mong bumalik sa kahon na iyong pinanggalingan at subukang muli.
5. **Pagkapanalo:** Ang unang manlalaro na makarating sa finish line ang siyang panalo!





lima	anim	usok	bilao	lobo
biik				kalan
butiki				sabon
baka				siko
kubo				sikat
buko				kanin
susi				kakanin
usa				5 hakbang pabalik
una				mabuti
Bumalik sa simula				mantika
manok				laso
manika				lata
ina				ubas
tasa				takot
Simula	Wakas	talata	tula	tala





GAWAIN 4: Sa Pagguhit, Ikaw ang Bida!

Panuto: Basahin ang mga parirala at gumuhit ng mga larawan sa loob ng kahon upang ipakita ang pagkakaunawa sa binasa.

1. limang kama

2. anim na unan

3. sina Nina at Nika

4. sabon ni Ina

5. kanin sa mesa

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.



Hindi ko pa kaya.



Kakayanin ko pa.



Kaya ko na!



Tutor's Note: _____






ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	2
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	4



GAWAIN 1: Tayo ay Magbasa

Panuto: Basahin ang mga salita. Bilugan ang pangalan ng larawan.

	gata gatas gansa		gitara giba gitna
	gulay gutom gubat		balsa banig baga
	sagot sugat sugal		banig ubuyog balsa
	guya gulay goma		gagamba gubat gulay

Pictures and some text taken from BMR Beginning Reading Worksheet





GAWAIN 2: Mahusay Ka!

Panuto: Basahin ang mga pangungusap at sagutin ang mga tanong tungkol dito.

Si Gino ay nasa kubo.

1. Sino ang nasa kubo? _____
2. Nasaan si Gino? _____



Kumuha ng tasa si Gino.

3. Sino ang kumuha ng tasa? _____
4. Ano ang kinuha niya? _____



Nagulat si Gino. Nasa tasa ang tutubi.

5. Bakit nagulat si Gino?



Pictures taken from: BMR Beginning Reading Worksheet

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.		
		
Hindi ko pa kaya.	Kakayanin ko pa.	Kaya ko na!
 Tutor's Note: _____ _____ _____		





ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	3
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	1



Halina't tayo'y Makinig

Panuto: Pakinggan ang kuwentong babasahin ng guro.

Ang Ngipin ni Efren

Kuwento ni Rizalina Rabadon

Si Efren ay batang mahilig kumain ng kendi at iba pang matatamis na pagkain. Minsan lang siyang magsipilyo ng ngipin. Madalas ay nakakatulog siya na hindi nagsisipilyo. Pinapaalalahanan siya ng kanyang ina na huwag matutulog nang hindi nagsisipilyo, pero hindi niya ito sinusunod. Isang araw ay biglang narinig ng nanay ang sigaw ni Efren. Umiiyak ito. "Nanay, nanay masakit ang ngipin ko. Hindi po ako makanguya at makakain." ang sabi ni Efren. "Ikaw kasi hindi ka nakikinig sa akin," ang sabi ng Nanay. May butas na ang ngipin ni Efren. Dinala ng Nanay si Efren sa dentista.

Tanong:

1. Sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Ano ang mga hilig ni Efren?
3. Ano ang bilin sa kanya ng kanyang nanay?
4. Bakit sumakit ang ngipin ni Efren?
5. Anong aral ang natutunan ni Efren sa nangyari?





GAWAIN 1: Pagpantigin natin!

Panuto: Pantigin ang mga salitang nasa ibaba sa pamamagitan ng paghihiwalay ng mga pantig.

- ngapa - _____
- nguso - _____
- ngata - _____
- ngilo - _____
- ngalay - _____
- ngiti - _____



GAWAIN 2: Palakpak Mo, Bibilangin ko

Panuto: Pantigin ang mga salita na nasa ibaba sa pamamagitan ng pagpalakpak. Isulat kung ilang beses papalakpak.

- ngapa - nga- pa _____
- nguso - ngu- so _____
- ngata - nga – ta _____
- ngilo - ngi – lo _____
- ngalay - nga -lay _____
- ngiti - ngi – ti _____



GAWAIN 3: Katambal ko, Hanapin Mo

Panuto: Gumawa ng anim na puso. Isulat sa kaliwang bahagi ng puso ang unang pantig ng mga salita at sa kanang bahagi ang pangalawang pantig. Ilagay ito sa ilalim ng upuan ng mga bata. Sabihin sa mga bata na hanapin nila ang kalahati ng mga puso. Kapag nakita na nila ang kalahati ay hahanapin naman nila ang katambal ng mga pusong hawak nila. Kapag nakita na nila ang kanilang katambal ay babasahin na ng magkapareha ang salitang kanilang nabuo. Ang unang tatlong mauuna ang siyang panalo sa laro.





Magsanay Tayo!

Panuto: Paulit-uliting bigkasin ang mga salitang **Ako, Ikaw, Si, At, May.**



Balikan ang Kuwento

Panuto: Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari ayon sa kuwentong napakinggan. Lagyan ng bilang 1, 2 at 3 ang patlang.

_____ Isang araw ay biglang narinig ng nanay ang sigaw ni Efren. Umiiyak ito. "Nanay, nanay, masakit ang ngipin ko".

_____ Si Efren ay batang mahilig kumain ng kendi at iba pang matatamis na pagkain.

_____ Dinala ng Nanay si Efren sa dentista.



Iguhit Natin!

Panuto: Gumuhit ng mga bagay na makikita sa loob ng bahay na may titik Ng. Kulayan ang naguhit na larawan.

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.		
		
Hindi ko pa kaya.	Kakayanin ko pa.	Kaya ko na!
 Tutor's Note: _____ 		





ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	3
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	2



Halina't Tayo'y Makinig

Panuto: Pakinggan ang kuwentong babasahin ng guro.

Ang Alamat ng Pinya

Isang araw sa isang malayong pook ay may nakatirang mag-ina. Masipag si Aling Rosa at maaasahan samantalang ang kanyang anak na si Pina ay tamad at reklamador. Si Aling Rosa ang gumagawa lahat ng mga gawaing bahay. Si Pina ay kumakain at natutulog lamang. Isang araw ay nagkasakit si Aling Rosa. Inutusan niya si Pina na magluto. Nagdadabog na sumunod si Pina. Nagrereklamo siya dahil hindi niya makita ang sandok. Nagalit si Aling Rosa kaya nasabi niya na sana ay magkaroon ng maraming mata si Pina. Nagmamadaling lumabas si Pina . Ilang araw ang lumipas ay magaling na si Aling Rosa. Hindi pa rin bumabalik si Pina. Isang araw ay may nakita siyang halamang tumubo sa kanilang hardin. Maraming mata ang halaman. Naalala ni Aling Rosa ang huling sinabi niya sa kanyang anak kaya naisip niya na si Pina ito. Nagsisi si Aling Rosa kaya inalagaan niyang maigi ang halaman. Mula noon ang halaman ay tinawag na Pinya.

Tanong:

1. Sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Ano ang katangian ni Aling Rosa?
3. Ano ang katangian ni Pina?
4. Anong nangyari kay Pina?
5. Anong aral ang natutunan ninyo sa kuwento?





GAWAIN 1: PASS THE BALL



Panuto:

1. Bumuo ng isang malaking bilog.
2. Makinig sa ipapatugtog na awitin habang pinapasa ang bola.
3. Kapag huminto ang awitin ang mag-aaral na may hawak ng bola ang kukuha ng salitang nasa loob ng kahon na may nakasulat na salitang nagsisimula sa titik P at R.
4. Isusulat ang salita sa pisara ng papantig at babasahi ulit ito ng mga kaklase.



GAWAIN 2


Panuto: Punan ang patlang ng tamang titik.



1. __agong



2. __ayong



3. __egalo



4. __elo



GAWAIN 3: Balikan Natin ang Kuwento

Panuto: Gamit ang mga larawan, pagsunod-sunurin ang mga pangyayari ayon sa kuwentong napakinggan. Lagyan ng bilang **1, 2, 3** at **4** ang ilalim ng larawan.



Pagnilayan Natin

Panuto: Iguhit ang iyong nararamdaman *show-me board* kung ikaw ba ay masaya, malungkot o nagulat. Pagkatapos, magsulat ng repleksiyon tungkol sa napakinggang kuwento.

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.		
Hindi ko pa kaya.	Kakayanin ko pa.	Kaya ko na!
Tutor's Note: _____ _____ 		





ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	3
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	3



Halina't tayo'y Makinig

Si Dana at Hana

Sa Baryo Maligaya, ako ay may kilalang magkaibigang palaging magkasama. Sila ay sina Dana at Hana. Mahal na mahal nila ang isa't isa. Sa paggawa ng kanilang takdang aralin ay magkasama rin sila. Sa pag-uwi ay sabay din sila. Magkaibigan ang kanilang mga magulang. Kinagigiliwan sila ng kanilang mga kapitbahay dahil pareho silang masipag, magalang at mabait. Lahat ay natutuwa sa kanila.

Tanong:

1. Sino ang magkaibigan?
2. Saan sila nakatira?
3. Ano ang madalas nilang ginagawa na magkasama?
4. Bakit sila kinagigiliwan ng kanilang mga kapitbahay?
5. Ano – anong katangian mayroon sila?





GAWAIN 1: 4 Pics 1 Word

Panuto: Tingnan ang grupo ng apat na larawan. Hulaan anong salita ang tinutukoy nito. Isulat ang mga tamang titik sa loob kahon.











GAWAIN 2: Bring Me




Panuto: Makinig sa salitang babanggitin ng guro na nagsisimula sa titik D o H. Hanapin ang bagay na nakasulat sa papel na mabubunot mula sa kahon. Ang unang makahanap at makapagdala ng tamang bagay sa guro ang siyang panalo.





GAWAIN 3: Kahon para kay Dana at para kay Hana

Panuto: Ilagay sa tamang kahon ang mga larawan na nagsisimula sa tunog ng /d/ at /h/. Gumuhit ng linya mula sa larawan patungo sa kahon.



KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.		
		
Hindi ko pa kaya.	Kakayanin ko pa.	Kaya ko na!
 Tutor's Note: _____ _____ 		





ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	3
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	4



Halina't tayo'y Makinig

Ang Mabait na Tindera

Isinulat ni Rizalina N. Rabadon

Ako ay may kaibigan. Siya ay si Nena. Si Nena ay isang tindera. Dahan-dahan siyang bumangon upang hindi magising ang kanyang kapatid. Masigla siyang pumunta ng kusina upang magluto ng kanilang almusal. Pagkatapos magluto ay naghanda na siya para pumunta sa palengke. Araw ng Sabado, ito ang araw ng pagtulong niya sa kaniyang ina. Mabilis siyang naligo at naghanda na sa pag-alis. Nais niyang bago magising ang kanyang ina ay nakapagbukas na siya ng kanilang tindahan. Gulay ang kanilang mga paninda. Marami nang bumibili kay Nena. Mura at sariwa ang kanilang mga paninda. Mabilis ang kanyang pagkilos. Hindi siya nagkakamali sa pagkukuwenta. Hindi rin niya nakakalimutang magpasalamat sa mga mamimili. Pagdating ng kanyang ina ay marami na siyang nabenta. Niyakap ng mahigpit ni Aling Celia ang kaniyang mabait na anak. Ikaw, may kaibigan ka rin bang tulad ni Nena?

Tanong :

1. Sino ang maagang gumising?
2. Bakit maaga siyang gumising?
3. Saan siya pupunta?
4. Ano ang ginawa niya sa palengke?





5. Kung ikaw si Aling Celia at nakita mo ang ginawa ni Nena ano ang gagawin mo?
6. Anong katangian mayroon si Nena?



GAWAIN 1: Pagpantigin Natin!

Panuto: Maglaro ng "bato-bato pick." Ang mananalo ay kukuha ng isang kartolinang may nakasulat na salitang nagsisimula sa titik N. Papantigin ng ang salita at isusulat ang bilang ng pantig sa pisara.



GAWAIN 2: Pinoy Henyo

Panuto: Ito ay laro ng magkapareha. Ilalagay ang salita sa noo ng kapareha at huhulaan ng kapareha ang salitang nasa kanyang noo. Panalo ang makakahula ng salita.



GAWAIN 3: Dugtungan Tayo!

Panuto: Dugtungan ang mga salita.

Ako _____
Ikaw _____
Si _____ at _____
May _____



Balikan ang Kuwento

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari sa napakinggang kuwento. Lagyan ng bilang 1-5 ang patlang.

- _____Ako ay may kaibigan siya ay si Nena.
- _____Niyakap ng mahigpit ni Aling Celia ang kaniyang mabait na anak.
- _____Mabilis siyang naligo at naghanda na sa pag-alis.
- _____Gulay ang kanilang mga paninda.
- _____Pagkatapos magluto ay naghanda na siya para pumunta sa palengke.





Iguhit Natin!

Panuto: Magpaguhit ng mga bagay sa mga bata na nakikita sa pamayanan na nagsisimula sa titik N. Ipasulat ang pangalan ng bagay at ipapantig ito sa kanila.

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.		
		
Hindi ko pa kaya.	Kakayanin ko pa.	Kaya ko na!
 Tutor's Note: _____ _____ 		





ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	4
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	1



Basahin at Tuklasin Natin!

Panuto: Basahin at unawain ang kuwento.

Masayang Linggo Kasama ang Pamilya

Isang maaliwalas na araw ng Linggo, nagpasya ang aming pamilya na mamasyal. Maaga pa lang ay abala na ang lahat. Si tatay ay nagwawalis sa bakuran, habang si nanay ay naghahanda ng waling-waling sa pasong ipasasalubong kay Lola. Si Ate Fiona naman ay nagsusulat sa kaniyang *journal* tungkol sa plano naming pamamasyal.

“Nakatutuwang isulat sa *journal* ang ating gagawin, para may alaala tayo. Junior, ikaw ba ay sasama?” sabi ni Ate Fiona.

“Oo naman! Masaya ito, parang *fiesta*!” sigaw ni Kuya Junior, habang suot ang paborito niyang *jacket*.

Sumakay kami ng jeep papunta sa Liwasang Bayan. Bitbit ni tatay ang yantok na *basket* na may lamang prutas, maliit na *jar*, at *sandwich*. Akay-akay naman kami ni nanay. Pagdating namin sa parke, may mga banderitas na kakulay ng watawat ng Pilipinas. Mainit ang panahon kaya bumili kami ng *fan*.

Habang kumakain, kumuha ako ng inuming may yelo. Nagkuwento rin sina lolo at lola ng tungkol sa wakwak o aswang, isang nilalang mula sa lumang alamat. Natakot si Kuya Junior, pero natawa rin dahil tinapos ni Lolo ang kuwento sa isang biro.

Habang lumilipas ang oras, napagtanto kong nagiging masaya, magaan, at puno ng alaala ang bawat araw kung wagas ang pagsasama ng buong pamilya. Pagsapit ng hapon, umuwi kaming pagod ngunit masaya.





Sagutin Natin!

Panuto: Sagutin ang mga tanong batay sa kuwento.

1. Anong araw namasyal ang pamilya ni Ate Fiona at Junior?
2. Ano ang laman ng yantok na basket na dala ni Tatay?
3. Anong nilalang mula sa alamat ang ikinuwento ni Lolo?
4. May pagkakataon ba na kayo ay nagsamasama ng inyong pamilya para mamasyal at mag-alihw sa isang parke, sa tabing-dagat, sa isang kainan o *restaurant*? Ibahagi.
5. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng masayang alaala kasama ang pamilya?



Magsanay Tayo!

Panuto: Sagutin ang bawat gawain. Isulat ang iyong sagot sa papel.

I. Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung ang salita ay may tunog /w/ o /y/ at ekis (x) kung wala.

- | | | |
|----------------|----------------|----------------|
| _____ 1. galaw | _____ 3. sayaw | _____ 5. kanta |
| _____ 2. bahay | _____ 4. guhit | _____ 6. kamay |

II. Pantigin ang mga salita sa bawat bilang. Pagkatapos, isulat ang buong salita at ang bilang ng pantig nito.

Pantig	Buong Salita	Bilang ng Pantig
1. wa-kas		
2. wa-ta-wat		
3. ya-pak		
4. ya-ri		





III. Bigkasin ang mga tunog at isulat ang buong salita.

1. /w//a//k//a//s/ _____ 3. /y//a//p//a//k/ _____
2. /w//a//t//a//w//a//t/ _____ 4. /y//a//r//i/ _____

IV. Isulat ang mga tunog na bumubuo sa salita.

1. wakas - /___/ /___/ /___/ /___/ /___/
2. watawat - /___/ /___/ /___/ /___/ /___/ /___/ /___/
3. yapak - /___/ /___/ /___/ /___/ /___/
4. yari - /___/ /___/ /___/ /___/

V. Palitan ang unang tunog ng mga salita. Lagyan ng tsek (✓) kung ang salitang nabuo ay may kahulugan at ekis (✗) kung wala.

		Bagong Salita	✓ o ✗
1. wakas	palitan ang /w/ ng /l/		
2. watawat	palitan ang /w/ ng /b/		
3. yapak	palitan ang /y/ ng /s/		
4. yari	palitan ang /y/ ng /d/		

VI. Lagyan ng bilang 1-4 ang patlang ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.

[_] Sumakay sila ng jeep papuntang parke.

[_] Nagwawalis si tatay.

[_] Umuwi sila nang masaya.

[_] Nagkuwento si lolo at lola tungkol sa wakwak/aswang.

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.		
		
Hindi ko pa kaya.	Kakayanin ko pa.	Kaya ko na!
 Tutor's Note: _____ 		





V. Palitan ang unang tunog ng mga salita. Lagyan ng tsek (✓) kung ang salitang nabuo ay may kahulugan at ekis (✕) kung wala.

		Bagong Salita	✓ o ✕
1. jelly	palitan ang /j/ ng /b/		
2. fries	palitan ang /f/ ng /t/		
3. folder	palitan ang /f/ ng /s/		
4. jigsaw	palitan ang /j/ ng /p/		

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.



Hindi ko pa kaya.



Kakayanin ko pa.



Kaya ko na!



Tutor's Note: _____





ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	4
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	3



Basahin at Tuklasin Natin!

Panuto: Basahin at unawain ang kuwento.

Ang Makulay na Bayan ni Carla

Sa isang tahimik na village sa bayan ng **Quezon**, nakatira si Carla, isang masiglang batang mahilig kumuha ng litrato gamit ang kaniyang **camera**. Tuwing hapon, kinukuhanan niya ng larawan ang kanyang komunidad—ang makulay na kalye, ang **café** ng matatanda, at ang **calesa** ni Mang Tonyo.

Isang araw, inanunsiyo ng guro ang isang quiz tungkol sa **culture** ng kanilang lugar. Kasabay nito, may patimpalak sa paggawa ng **collage**. Ginamit ni Carla ang kaniyang **computer** para pagsama-samahin ang litrato ng tanawin, ng pista, at ang pang-araw-araw na pamumuhay ng mga kababayan niya.

Tahimik ang lahat habang inilahad ni Carla ang kaniyang proyekto na **collage**. “Ito po ang aming bayan,” aniya, “may kulay, bayanihan, at pagmamalasakit.” Marami ang namangha at humanga sa proyekto niya, at binigyan siya ng gantimpala bilang champion. Ibinahagi niya ang magandang balita sa kanyang mga kababayan.





Sagutin Natin!

Panuto: Sagutin ang mga tanong batay sa kuwento.

1. Saan nakatira si Carla?
2. Anong anunsiyo ang ibinigay ng kanilang guro?
3. Ano ang ginawa ni Carla upang makasali sa patimpalak sa paggawa ng collage?
4. Anong mga larawan ang isinama niya sa kaniyang proyekto?
5. Bakit kinilala si Carla sa kanilang lugar?
6. Paano ipinakita ni Carla ang pagmamahal sa kanyang bayan?



Magsanay Tayo!

Panuto: Sagutin ang bawat gawain. Isulat ang iyong sagot sa papel.

I. Kulayan ang kahon ng mga salitang may tunog na Qq at Cc.

1. Queen

2. cake

3. halaman

4. calendar

5. quiz

6. class

II. Pantigin ang mga salita sa bawat bilang. Pagkatapos, isulat ang buong salita at ang bilang ng pantig nito.

Pantig	Buong Salita	Bilang ng Pantig
1. ca-len-dar		
2. ca-me-ra		
3. queen		
4. quiz		

III. Bigkasin ang mga tunog at isulat ang buong salita.

1. /k//a//t/ _____

2. /k//a//r/ _____

3. /k//w//i//n/ _____

4. /k//w//i//z/ _____





IV. Isulat ang mga tunog na bumubuo sa salita.

- | | | | |
|--------|---------------|----------|---------------------|
| 1. cat | - /_/_/_/_/_/ | 3. queen | - /_/_/_/_/_/_/_/_/ |
| 2. car | - /_/_/_/_/_/ | 4. quiz | - /_/_/_/_/_/_/_/ |

V. Palitan ang unang tunog ng mga salita. Lagyan ng tsek (✓) kung ang salitang nabuo ay may kahulugan at ekis (✗) kung wala.

		Bagong Salita	✓ o ✗
1. cat	palitan ang /c/ ng /f/		
2. car	palitan ang /c/ ng /p/		
3. camera	palitan ang /c/ ng /j/		
4. quiz	palitan ang /q/ ng /z/		
5. Quezon	palitan ang /q/ ng /z/		

VI. Gamitin sa pangungusap ang mga sight words at ang sumusunod na salita: cat, car, quiz at Quezon.

1. cat

2. car

3. camera

4. quiz

5. Quezon

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.



Hindi ko pa kaya.



Kakayanin ko pa.



Kaya ko na!



Tutor's Note: _____





ARAL-Reading Basic

Pangalan ng Mag-aaral		Linggo ng Interbensiyon	4
Baitang at Seksiyon		Sesyon ng Interbensiyon	4



Magsanay Tayo!

Panuto: Sagutin ang bawat gawain. Isulat ang iyong sagot sa papel.

I. Ikahon ang mga salitang may tunog /v/, /x/, at /z/.

gloves zipper fries van xerox
bar vat gatas x-ray zebra

II. Isulat ang wastong pangalan ng mga larawan.



1. _____



3. _____



2. _____



4. _____

III. Basahin ang mga salita. Alisin ang unang tunog at isulat ang natirang bahagi sa ikalawang hanay. Lagyan ng tsek (✓) ang patlang sa ikatlong hanay kung ang mga ito ay may kahulugan at ekis (×) kung wala.

	Natirang Bahagi	✓ o ×
1. zebra		
2. x-ray		
3. zipper		
4. vat		





5. van

**IV. Gamitin sa pangungusap ang mga sumusunod na salita:
zebra, zipper, x-ray, gloves at van.**

1. zebra

2. zipper

3. x-ray

4. gloves

5. van

KAYA KO NA BA? Bilugan ang iyong nararamdaman sa araling ito.



Hindi ko pa kaya.



Kakayanin ko pa.



Kaya ko na!



Tutor's Note: _____





ARAL-Reading Basic

Learner's Name		Intervention Week	5
Grade Level & Section		Intervention Session	1



ACTIVITY 1 Let's Read & Explore!

